




## MEMORANDUM PANSANGAY

**PARA SA :** Tagamasid Pampook  
Prinsipal / Ulong guro  
Sangay ng Lungsod Malaybalay



**Tawag – Pansin:**

Tagapagsanay ng Malikhaing Pagsulat ng Dagli  
At Informance

**BUHAT KAY:**   
**EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI**  
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA:** TAGISAN NG TALINO: MALIKHAING PAG-SULAT  
NG DAGLI AT INFORMANCE

**PETSA:** AGOSTO 30, 2016

1. Kalakip nito ang Memorandum Panrehiyon kaugnay sa Tagisan ng Talino:Malikhaing pagsulat ng Dagli at Informance para sa patnubay sa lahat na maging kalahok sa nabanggit na Tagisan.
2. Ang kampeyon sa Pansangay na Tagisan sa Malikhaing Pagsulat Ng Dagli at Informance ay siyang kumakatawan sa ating Dibisyon para sa panrehiyong tagisan sa ika – 27 – 28 ng Oktubre, 2016 sa Sangay ng Lungsod ng Gingoog.
3. Daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memeorandum na ito sa mga kinauukulan ay higit na inaasahan.



**MEMORANDUM PANREHIYON**

5511

**PARA SA:**                    **Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Sa Rehiyong ito**

Tawag-pansin:  
Tagamasid    Pansangay    sa    Asignaturang  
Filipino

**BUHAT KAY:**            **ALLAN G. FARNAZO**  
Regional Director

**Paksa:**                    **TAGISAN NG TALINO: MALIKHAING PAGSULAT NG  
DAGLI AT INFORMANCE KASABAY NA GAGANAPIN  
SA 2016 RFOT**

**PETSA:**                    **AGOSTO 12, 2016**

1.    Kalakip nito ang mga Panuntunan para sa 2016 Pambansang Tagisan ng Talino sa Filipino para sa mga kategoryang Malikhaing Pagsulat ng DAGLI at Informance. Inaasahan na ang bawat sangay ay magkakaroon ng patimpalak sa nabanggit na mga gawain.
2.    Ang kampeyon ng bawat kategorya ang kakatawan ng inyong sangay para sa panrehiyong tagisan ng talino sa ika-27-28 ng Oktobre, 2016 sa sangay ng lungsod ng Gingoog.
3.    Ang pondong gugulin ng mga kalahok sa pagpunta sa lugar na pagdadarausan ng 2016 RFOT at pabalik sa kanilang mga himpilan ay kukunin mula sa pondong lokal/MOOE na sasailalim nang masusing pagsusuri alinsunod sa mga polisiya, pamantayan at regulasyon ng akawonting at pag-aawdit.
4.    Daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan ay higit na inaashan.

(Enclosure No. 3 to DepEd Memorandum No. 158, s. 2015)

**MGA PANUNTUNAN PARA SA 2016 PAMBANSANG TAGISAN  
NG TALINO SA FILIPINO**

**Kategorya:**

- A. Malikhaing Pagsulat ng DAGLI at
- B. Informance

**A. Patnubay sa Paglahok**

**1. Malikhaing Pagsulat**

**A. Kalahok**

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa Baitang 7 o Baitang 8
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo sa Panrehiyong Tagisan ng Talino sa Filipino 2015.

**B. Panuntunan**

- Ang tema ng susulating **DAGLI** ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
- Ang malikhaing pagsulat ay tatagal ng dalawang (2) oras.

**C. Pamantayan**

**a. Orihinalidad (40%)**

**b. Organisasyon (35%)**

- Kasasalaminan ng kulturang/pagpapahalagang Pilipino
- May kawili-wiling panimula, gitna at pangwakas na bahagi
- May kaakibat malikhaing estilo ng pagsulat
- May kaangkupan sa tema, edad at interes ng target na mambabasa

**c. Mekaniks (25%)**

- Gumamit ng wastong bantas
- Gumamit ng wasto at angkop na salita
- Gumamit ng mga wastong tayutay, pahiwatig, simbolismo at iba pang elemento ng isang malikhaing akda

**2. Informance (Pagbibigay ng Impormasyon sa Pamamagitan ng Pagtatanghal - Giving information through Performance)**

**A. Mga Kalahok**

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa Baitang 9 o Baitang 10.
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo sa Panrehiyong Tagisan ng Talino sa Filipino 2015.
- Ang bawat pangkat na kalahok ay binubuo ng apat na kasapi/mag-aaral at isang tagapayo/tagapagsanay.

## **B. Panuntunan**

- Ang piyesa ay nagsusulong ng adbokasiya (Advocacy) tungkol sa pagpapataas ng global na kamalayan sa kahalagahan ng kultura (Global Awareness).
- May halong musikal o paawit ang pagtatanghal.
- Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa labinglimang (15) minuto at hindi lalampas sa dalawampung (20) minuto.

## **C. Pamantayan**

### **Iskrip – 40%**

- a. Orihinalidad
- b. Kaangkupan sa tema
- c. Makatotohanan
- d. Taglay ang mga elemento ng isang iskrip

### **Pagtatanghal – 60%**

- a. Kasuotan at props
- b. Naglalahad ng kultura ng bansa
- c. Kilos o galaw ng mga tauhan
- d. Tinig/musikalidad
- e. Kasiningan/pagkamalikhain ng pagtatanbghal
- f. Dating sa mga manonood
- g. Walang tagpuan